

Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Paul Vicente napili sa 2022 hanggang 2024 Board of Directors ng AMO

BRAMPTON, ON (Agosto 18, 2022) – Sa 2022 Taunang General Meeting at Kumperensya ng Association of Municipalities (AMO) kahapon, ang Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Paul Vicente ay napiling AMO Board of Directors bilang miyembro ng Rehiyonal at Single Tier Caucus para sa 2022 hanggang 2024 na termino ng board.

Ang AMO ay isang non-profit organization na kumakatawan sa halos lahat ng 444 na pamahalaang munisipyo ng Ontario. Sumusuporta ang AMO sa malakas at epektibong pamahalaan ng Ontario at nagtataguyod ng halaga ng pamahalaang munisipyo bilang mahalaga at esensyal na sangkap ng sistemang politikal ng Ontario at Canada.

Sa 2022 hanggang 2024 na termino, partikular na tutuon ang AMO sa mga usapin na nauugnay sa pagbangon ng ekonomiya at kasaganaan, pagpapalano at paglago, abot-kayang pabahay, pagwawakas sa pagka-walang matitirhan, pamumuhunan sa imprastruktura, broadband expansion, at transit. Bukod pa, ang AMO ay nakatuon sa imprastrukturang panlipunan at mga patakaran na magbibigay kakayahan sa bawat isa na makamit ang kanilang ganap na potensyal. Ang pamumuhunan sa public health, paramedicine ng komunidad, pangmatagalang pangangalaga (long term care), mga serbisyong pantao, kalusugan ng isip sa komunidad at pagkasugapa ay kumukumpleto sa nangungunang mga prayoridad ng AMO.

Lumahok ang Lungsod ng Brampton sa AMO 2022 Birtwal na Kumperensya mula Agosto 14 hanggang 17. Alamin ang iba pa [dito](#).

Mga Quote

“Sa ngalan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton, binabati ko si Konsehal Vicente sa pagkakahalal sa 2022 hanggang 2024 na Board of Directors ng AMO. Ang matibay at mabisang mga partnership ng mga munisipalidad sa buong Ontario ay makakatulong sa pagbuo ng mas luntiang mga komunidad, pangangasiwa sa paglago at pagpapalakas ng mga ekonomiya. Ang commitment ni Konsehal Vicente sa isang malakas na Brampton at Rehiyon ng Peel ay magiging asset sa ating mga residente at lahat ng miyembro ng AMO.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ikinararantal ko na mapiling AMO Board of Directors para sa pangalawang kasunod na termino, at inaasahan ang pakikipagtulungan sa mga munisipalidad sa buong Ontario at sa ating kaugnay na mga Konseho para magtaguyod para sa Brampton at dalhin sa antas ng lalawigan ang mga prayoridad ng Lungsod at Rehiyon.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca